# KALIGTASAN SA PANAHON NG PAGBAGYO

## MANATILING LIGTAS SA **MALALIM NA NIYEBE**

**Kumusta, mga taga-California! Habang nagdadala ng mga bagong hamon sa ating estado ang mas malamig na buwan, tulad ng malalim na niyebe, kumikilos ang Listos California upang protektahan ang ating mga komunidad.**

**Habang naghahanda ang Tanggapan ng Mga Serbisyong Pang-emerhensiya ng Gobernador ng California (Cal OES) at mga unang tagatugon sa ating estado para sa matinding panahong ito na dulot ng klima, may ilang simpleng hakbang na IYONG magagawa ngayon upang panatilihing ligtas ang iyong sarili, ang iyong mga mahal sa buhay, at mga kapitbahay sa panahon ng matinding niyebe.**

**Maaaring makagambala sa buhay ang malalim na niyebe sa pamamagitan ng pagkulong sa mga tao sa loob ng kanilang mga bahay, pagdaragdag ng pampabigat sa mga bubong, at pagtumba sa mga puno at linya ng kuryente. Ang pagiging handa para sa malalim na niyebe ay maaaring makapagligtas ng mga buhay**

### MAGHANDA PARA SA MALALIM NA NIYEBE

- Manatiling napapanahon sa mga babala sa bagyo. Subaybayan ang mga ulat ng lagay ng panahon at opisyal na channel ng serbisyong pang-emerhensiya sa TV, radyo, at ng county. Mag-sign up para sa mga lokal na alertong pang-emerhensiya sa **ListosCalifornia.org/Alerts**.
- Magtipon ng maraming pagkain, tubig, at gamot bago ang isang snowstorm. Ang mga bagyo na may malakas na pagbagsak ng niyebe ay maaaring magdulot ng mga pagkawala ng kuryente at pagkakulong mo sa iyong bahay nang maraming araw. Magplano nang maaga at magkaroon ng:
  - Tubig at pagkaing hindi kailangang lutuin o palamigin
  - Karagdagang resetang gamot
  - Mga diaper at formula
  - Karagdagang pagkain at mainit na tirahan para sa mga alagang-hayop at bukiring hayop
- Magplano para sa mga pagkawala ng kuryente. Maghandang panatilihing malamig ang mga gamot at naka-charge ang mga medikal na aparato. Ganap na i-charge ang mga backup na baterya at magkaroon ng access sa isang radyong pinapagana ng baterya para sa mga balita.
- Mag-sign up para sa mga alerto sa pamamagitan ng iyong kumpanya ng kuryente upang maabisuhan ka tungkol sa anumang isyu sa kuryente. Kung gumagamit ka ng mga de-kuryenteng medikal at pantulong na kagamitan, siguraduhing magpatala sa isang Medical Baseline na programa upang masigurong ligtas ka kung mawawalan ng kuryente.
- Tiyaking mayroon kang sapat na maiinit na damit na isusuot nang patong-patong, at mga sombrero, guwantes, balabal, at kumot para sa lahat sa iyong sambahayan.
- Kung gagamit ka ng heating oil para ipanggatong sa iyong furnace, tiyaking mayroon kang sapat upang tumagal nang ilang araw. Magkaroon ng pang-emerhensiyang kagamitang pampainit kung sakaling mapuputol ng malalim na niyebe ang iyong serbisyo ng kuryente o gas.

# MANATILING LIGTAS SA **MALALIM NA NIYEBE**

## MANATILING LIGTAS SA PANAHON NG MALALIM NA NIYEBE

- Sa unang senyales ng bagyo, ilipat ang mga bukiring hayop sa mga protektadong lugar at ipasok sa bahay ang mga alagang-hayop.
- Ligtas na painitin ang iyong bahay:
  - Huwag gagamit ng mga stove, camp stove, o gas/charcoal grill upang painitin ang loob ng iyong bahay. Nakamamatay ang mga usok.
  - Sa labas lang gumamit ng generator, hindi bababa sa 20 talampakan mula sa mga pinto at bintana. Huwag gagamit ng mga generator sa mga basang kondisyon. Huwag kailanman gagamit ng generator sa loob ng bahay. Makakapatay ang nakalalasong tambutso nito sa loob ng ilang minuto.
  - Panatilihing walang niyebe at yelo ang lahat ng kagamitan ng propane gas. Ang niyebe at yelo ay posibleng makasira sa kagamitan ng propane at magdulot ng pagtagas ng gas. Kung makakaamoy ka ng gas—amoy bulok na itlog o utot ng skunk—patayin ang lahat ng materyales sa paninigarilyo at iba pang bukas na apoy at umalis kaagad. Tumawag sa 911 upang iulat ang pagtagas mula sa isang ligtas na lokasyon na malayo sa kung saan tumatagas ang gas.
  - Magsuot ng maiinit na winter coat, kumot, at sleeping bag. Gumamit ng up-to-code fireplace na may tuyong kahoy na panggatong, portable space heater, o kerosene heater kung legal ang mga ito sa iyong lugar. Panatilihin ang lahat ng portable heater nang hindi bababa sa 3 talampakan ang layo mula sa mga mabilis masunog na bagay.
- Upang maiwasan ang pagyeyelo at pagsabog ng iyong mga tubo, hayaang mabagal na tumutulo ang mga gripo ng tubig. Kung magyeyelo ang iyong mga tubo, gumamit ng hair dryer para tunawin ang yelo sa mga ito. Kung sasabog ang iyong mga tubo, gumamit ng ibang mapagkukunan ng tubig, tulad ng nakaboteng tubig.
- Limitahan ang paglalakbay sa panahon ng snowstorm. Maaaring mabilis na maging mapanganib ang mga daan at nagyeyelong temperatura.
- Kung kailangan mong bumiyahe, ipaalam sa isang tao kung saan ka pupunta upang malaman niya kung saan ka hahanapin sa isang emerhensiya. Bumiyahe sa araw para sa mas mahusay na kakayahang makakita.
- Huwag magmamaneho sa mga lugar na may niyebe maliban kung maayos at akmang magagamit ang iyong sasakyan sa niyebe. Suriin ang presyon ng hangin sa iyong mga gulong at tiyaking may sapat na kapit sa lupa ang iyong mga gulong. Magdagdag ng anumang kadena o stud na kinakailangan sa iyong lokal na lugar.

## BUMAWI MULA SA MALALIM NA NIYEBE

- Patuloy na manatiling nakatuon sa lokal na radyo, TV, at opisyal na social media para sa mga napapanahong balita at impormasyon tungkol sa mga pagkawala ng utility, serbisyo ng rescue sa emerhensiya, at mga naharangang kalsada.
- Idokumento ang anumang pinsala gamit ang larawan.
- Iwasan ang pagmamaneho hanggang sa magkaroon ng pagkakataon ang mga snowplow na maglinis ng mga kalsada at bumuti ang mga kondisyon sa pagbiyahe.
- Kapag nagpapala ng niyebe, madalas na magpahinga para maiwasan ang pagkapagod at pagkapilay kung kailangan mong magpala gamit ang kamay. Manghiram ng snowblower kung maaari.
- Ang bigat ng malalim na niyebe ay maaaring makaputol ng mga sanga at maging sanhi ng pagbagsak ng mga bubong. Humingi ng tulong sa mga propesyonal upang alisin ang yelo at malalim na niyebe sa mga puno at sa iyong bubong.
- Kumustahin ang mga kapitbahay at iba pang posibleng mangailangan ng espesyal na tulong, tulad ng mga matandang tao at iyong mga may sanggol.